# EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA II
# Yunit III
# Modyul Blg. 14

# Pagpapatawad: Dulot ay Kapanatagan Ng Kalooban

## I. Ano ang Inaasahang Matututunan Mo?

Lahat ng tao ay may kaibigan. Ang kaibigan ay isa sa ating kapwa. Ito ay nag-uugat sa kanyang pagiging isang sosyal na nilalang. Sa pamamagitan ng kapwa napapaunlad ang kanyang pagkatao.

Ikaw ba ay may tunay na kaibigan? Siguro, marami ng pangyayari sa iyong buhay na kabahagi mo siya. Nagkasamaang – loob na ba kayo? Ilang beses? Sino ang unang humihingi ng paumanhin? Sino ang unang nagpapatawad?

Pagkatapos mong pag-aralan ang modyul na ito, inaasahang natutuhan mo ang mga sumusunod na kasanayan at pagpapahalaga.

A. Nahihinuha na ang pagpapatawad sa pagkakasala ng kapwa ay nagbibigay ng kapanatagan ng kalooban
B. Natutukoy ang mga hakbang tungo sa maluwag sa damdaming pagpapatawad sa kapwa
C. Naisasagawa ang mga hakbang na ito tungo sa maunlad na pakikipagkapwa.

Ang modyul na ito ay sadyang binuo upang maunawaan mong mabuti ang mga aralin sa Edukasyon sa Pagpapahalaga I kahit hindi ka makapasok sa paaralan nang regular. Upang maging lubos ang iyong pag-unawa sa mga nilalaman ng aralin, sundin mo nang tapat ang mga sumusunod na tagubilin:

1. Basahin ang modyul ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga gawain.
2. Unawaing mabuti ang nilalaman ng paksang aralin.
3. Basahin at sundin ang mga panuto at iba pang tagubilin.
4. Pag-isipang mabuti ang sagot sa bawat tanong bago ito isulat sa kuwaderno ng Edukasyon sa Pagpapahalaga.
5. Maging tapat sa iyong sarili sa lahat ng pagkakataon. Laging isaalang-alang ang iyong puso at damdamin sa pagsagot sa mga tanong. Gamiting gabay ang layuning matuto at mapaunlad ang sariling pagkatao sa lahat ng mga gawain.
6. Magtanong sa guro, magulang, kamag-aral o kaibigan kung kailangan.

7. Maging matiyaga sa pag-aaral. Huwag mawalan ng pag-asa kahit nahihirapan.

Bago mo simulan ang gawain sa modyul, sagutin mo ang mga sumusunod na panimulang pagsubok.

## II. Handa Ka na Ba?

### Gawain Blg. 1

Gumawa ng isang tala o ulat sa isang lingo. Isulat sa bawat araw ang naganap na pakikipagugnayan sa iyo ng iyong kaibigan o kaklase. Araw – araw bilangin ng mabuti lagyan ng plus (+) sa dulo; kung nakagawa ng masama sa iyo lagyan ng minus (-). Sundin ang ganitong pormat.

| Araw | Mga mabuting nagawa sa akin ng kapwa Ko | Mga masamang nagawa sa akin ng kapwa ko | Plus (+) | Minus (-) |
|---|---|---|---|---|
| Lunes | | | | |
| Martes | | | | |
| Miyerkules | | | | |
| Huwebes | | | | |
| Biyernes | | | | |
| Sabado | | | | |
| Linggo | | | | |

### Sagutin Mo

1. Alin ang marami, ang plus o ang minus?
   Ano ang ganting ginawa mo sa mga kabutihang nagawa sa iyo ng kapwa mo?

Ano ang ganting ginawa mo sa mga nakakasakit ng kaloobang ginawa sa iyo?

Gawain B

Ang mga nakatala ay mga bagay na nakasasakit ng kalooban. Lagyan ng tsek (√) ang mga naranasan mo na.

_____ 1. Wala siya nang kailangan ko.
_____ 2. Binabanggit ang pagkakamali ko, naiinis ako.
_____ 3. Ikinikwento ang sekreto ko
_____ 4. Balewala ang naitulong ko
_____ 5. Nililoko ako
_____ 6. Nagsasalita ng nakakasakit
_____ 7. Hindi humihingi ng paumanhin pag nakasakit
_____ 8. Hirap na ako, hindi pansin
_____ 9. Umaalis, hindi ko alam
_____ 10. Hindi naaalaala ang mga importanteng okasyon sa buhay ko
_____ 11. Hindi ako pinautang
_____ 12. Hindi ako pinahiram

Sagutin Mo.

1. Ano ang naramdaman mo kapag nakaranas ka ng ganito?
2. Paano mo naiitama ang nararamdaman mong ito?
3. Anong mga hakbang ang ginawa mo?

## III. Tuklasin Mo

A. Tingnan nag komiks strip. Basahin.

1. Sa simula ano ang gagawain ng tinedyer sa nanghiya sa kanya?
2. Nang mapag-isip – isip niya, ano ang ginawa niya sa huli?
3. Ano ang nararamdaman niya sa huli?

B. Ang kasunod ng pagkakasala ay pagpapatawad.
   Basahin naman ang istorya ng isang barbering babae.

Halaw sa: Philippine Panorama, April 2000

Si Merly isang barberong babae. Malaki ang pangangatawan. Mukhang lesbian dahil sa kanyang hanapbuhay at sa slacks na suot niya. Mukhang “rugged” pero hindi ang kilos. May pamangking babae ba nakatira sa kanya. Anak ng kapatid niya. Tuwing dadating ang ama ng bata, hihingi ng pera pambili ng gamot, lasing pa. Palagi niya itong binigbigyan. Iniwan ng asawa dahil lasengo.

Sagutin:
1. Ano ang pagkakaiba ni Merly sa asawa ng kapatid niya?
2. Sino ang paulit – ulit na nagkakasala?
3. Sino ang paulit – ulit na nagpapatawad?
4. Saan nandoon iyong tinatawag na pagpapatawad sa nagkakasala?
5. Kailan makakaramdam ng kapanatagan ng kalooban si Merly?

C. Narinig mo na ba ang istorya na Prodigal Son? Basahin at tingnan kung paanong ang pagmamahal at pagpapatawad ay nakapaghalaga sa nagkasala; gayundin kung anong laking kagalakan at kapanatagan ng loob ang ibinibigay nito sa nagpapatawad.

**ANG ALIBUGHANG ANAK**

Sabi ni Jesus, May lalaking may dalawang anak. Sinabi ng bunsong anak; " Ama, ibigay mo na sa akin ang kaparti ko sa mamanahin ko". Ibinigay ng ama ang kabahagi ng anak na bunso. Dala ang kanyang gamit, pati ang pinagbilhan sa kanyang mana. Nilustay niya ito, Nagpasarap sa buhay, hanggang matagpuan ang sarili na nakatira sa kulungan ng baboy at nakikisalo sa kanila. Dito niya naalaala ang ama. Bumalik siya sa ama. Malayo pa siya ay sinalubong na siya ng ama. Sabi ng ama sa mga katulong " Madali, bihisan siya ng pinakamainam na damit, lagyan ng singsing ang kanyang mga daliri at bigyan ng sapatos. Patayin ang pinakamatabang baka. Kumain kayo at magsaya sapagkat ang anak kong ito ay namatay at muling nabuhay. Nawala at muling natagpuan", At nagsimula ang selebrasyon".

Lukas 15: 11 – 32

Sagutin ang mga tanong:

1. Ano ang palatandaan ang pagpapatawad ng ama sa anak?
2. Paano naipakita ng ama ang kanyang lubusang pagpapatawad sa anak?
3. Kung ikaw ang ama magagawa mo rin ba ang pagpapatawa na ginawa niya?

## IV. Ano Ang Iyong Natuklasan?

A. Magbigay ng tatlong epekto ng pagpapatawad sa pagkakasala ng iba sa iyong sarili.

1. ______________________________________________
2. ______________________________________________
3. ______________________________________________

B. Ano naman ang epekto ng pagpapatawad sa taong nagkasala?

1. ______________________________________________
2. ______________________________________________
3. ______________________________________________

## V. Pagpapatibay

Balikan natin ang istorya ng "Alibughang Anak". Anu – ano ang mag ginawa ng ama para maipakita sa anak ang laki ng pagmamahal at pagpapatawad?

Una - Agad tumakbo ang ama upang salubungin ang anak na nagkasala. Ginawa nita ito upang hindi mapahiya ang anak na lumapit sa kanya. Hinalikan niya ito upang maipakita sa lahat na naroroon ang pagpapatawad at pakikipagkasundo.

Ikalawa - Ipinasuot ang pinakamaayos na roba na simbolo na tinatanggap siya bilang panauhing pandangal. Upang maipakita ang isang maringal na pagtatanggap, inaanyayahan ang buong komunidad sa kasayahan.

Ikatlo - Binigyan siya ng singsing na simbolo ng muling pagbabalik ng tiwala at pagbabalik ng kapangyarihan bilang anak sa kanilang pamamahay.

Ikaapat - Binigyan ng sapatos sagisag na hindi siya alipin kundi hindi isang taong malaya.

Ikalima - Naghanda ng isang matabang baka na napagsasaluhan ng buong komunidad

Makikita rito na lubos ang pagpapatawad na iginawad ng ama na walang pasubali, walang kondisyon. Kapag may kondisyon ang pagpapatawad hndi lubos ang kapanatagan ng kalooban. Sa pagpapatawad lubos na kalilimutan ang lahat ng pagkakasala hindi na dapat mabanggit sa anumang usapan, sa anumang oras, sa anumang pagkakataon.

Upang maging magaan sa kalooban nag pagpapatawad gawing gabay ang mga sumusunod:

1. Unahin ang kahinaan, kilos at pagkakaiba ng mga tao. Ang lahat ng tao ay may pagkakaiba. Hindi lahat ay kikilos ng katulad ng sa iyo. Uunawain kung bakit ang boss, ang guro, ang kaibigan ay kumikilos ng hindi katulad ng iniisip mong ikikilos nila.
2. Huwag mong asahan ang lahat ng tao ay perpekto. May kahinaan ang bawat isa. Sila ay may bahaging mabuti, masama, may positibo, at negatibo. Pag inasahan mong sila'y perpekto, mabibigo ka.
3. Hanapin ang mabuting katangian sa iba. Mabilis maghusga ang iba. Madaling humanap ng mali na hindi naman dapat.
4. Kamuhian ang mga bagay, ideya o kilos ng tao, hindi ang tao. Pagkamakasarili, pagkaganid, pagkamuhi, selos, pagkaawa sa sarili at pag – iisip ng masama sa kapwa ay mga negatibong karakter na naiikapit sa kapwa sa nagiging dahilan ng sakit, awa at panlulumo. Dapat kamuhian ang mga ito ngunit dapat kaawaan ang mga biktima ng mga ito.
5. Alaming mabuti ang lahat ng anggulo.

Mabilis tayong maghusga dahil hindi natin kilalang mabuti ang tao. Kung gustong unawain ang tao. Alamain ang kanyang pagkatao, pinagmulan, pangangailangan, karanasan at mga problema. Sabi ng mga Indian " O dakilang Ispiritu, huwag mo akong hayaang humusga hanggang hindi ko nailakad ang kanyang mokasin sa loob ng dalawang lingo"

Halaw sa: Guidance Resource Manual
Module 3, First Year
BSE – DECS – PD, INC., 1998

Ang Pagkiling ng Tao sa Mabuti

Sinabi sa aklat na Education in Values Education ni Esther Joos Esteban na ang tao kahit hindi siya nakapag-aral ay may natural na pagkiling sa kung ano ang mabuti na ito ay matatagpuan sa puso ng tao. Sa pamamagitan ng katwiran " reason" maipapakita ng tao ang pagkakaiba ng mabuti at masama. Samakatuwid ang tao kung makikita niya na mabuti ang magpatawad ito ay gagawain niya. At kung magkagayon makikita niya at mararamdaman na may isang pakiramdam na madarama ng pagpapatawad kaysa hindi. Sa pagpapatawad makadaram ng:

1. katiwasayan ng loob
2. maalwang pakikitungo sa kapwa
3. muling sisigla ang buhay
4. mawawala ang pag-aaga – agam sa kapwa at muling magtitiwala

## VI. Gaano Ka Natuto?

A. Basahin ang sumusunod na pangungusap. Piliin ang tanong kaisipan na kaugnay nito.

1. Ang pagpapatawad ay may kalakip na
   a. kabutihang – loob
   b. kababaang - loob
   c. pampalubag – loob
   d. kasiyahang - loob
2. Sinabi mo sa kaibigan mo " Oo, patatawarin kita pero hindi ko malilimot ang ginawa mo." Ang ibig sabihin ay
   a. hindi mo na siya kaibigan
   b. hindi pa lubos ang pagkalimot sa ginawa
   c. hindi pa lubos ang pagpapatawad
   d. hindi na patatawarin
3. Maraming magandang epekto ang pagpapatawad. Alin ang walang direktang epekto sa nagpatawad?
   a. nakapagpamulat sa mali
   b. nakagagaan ng kalooban
   c. nakapagbibigay ng kapanatagan
   d. nakapagbibigay kasiyahan
4. Malalaman ng tao ang kabutihan ng pagpapatawad sa pamamagitan ng
   a. damdamin
   b. kaisipan
   c. katwiran ( reason)
   d. malayong pagkusa

B. Sumulat ng isang sanaysay na may pamagat na:

**Ang Pagpapatawad: Paano Ito Maisasagawa**

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

## VII. Mga Sanggunian:


* Astorga, Ma. Christine A
  Living the Faith: Christian Morality
  FNB Educational, Inc.
  Quezon City, 1995

* Esteban, Esther Joos
  Education in Values: What Why and For Whom
  Sinagtala Publishers, Inc. Manila. 1990

* A Guidance Resource Manual on the Growing Filipino Adolescent
  Module 3, First Year Level


## VIII. Susi sa Pagwawasto

Gaano Ka Natuto?

A.

1. b
2. b
3. a
4. c

B. Rubric sa Sanaysay

5 puntos – naibigay ng maliwanag ang kahulugan ng pagpapatawad at 4 o 5 epekto ng pagpapatawad

4 puntos - naibigay ng maliwanag kung ano ang pagpapatawad at 4 na epekto ng pagpapatawad

3 puntos - hindi gaanong maliwanag ang kahulugan ng pagpapatawad at 3 dahilan ng pagpapatawad

2 puntos - hindi maliwanag kung ano ang kahulugan ng pagpapatawad at 2 epekto ng pagpapatawad

1 puntos - walang maibigay na kahulugan ng pagpapatawad at isang epekto ng pagpapatawad